San Diego Unified School District
Fact Sheet

Ang San Diego Unified School District Sa Isang Sulyap

Ang San Diego Unified School District ay kasalukuyang naglilingkod sa mahigit na135,000 mag-aaral, mula preschool hanggang ika-12 baitang. Itinatag noong ika-1 ng Hulyo 1854, ang distrito ay lumago mula sa isang maliit, inuupahang gusali na may isang guro hanggang sa pagiging pangalawang pinakamalaking paaralang distrito sa California.

Ang layunin ng San Diego Unified ay upang:

- Pabilisin ang pakinabang na magagawa ng mag-aaral
- Magkaroon ng ligtas, maayos at pinangangalagaang paaralan
- Pag-ibayuhin ang pagtutulungan ng magulang, sambayanan, mangangalakal at mataas na pag-aaral
- Patibayin ang paggalang sa mga kawani
- Magkaroon ng sapat na pondo para sa ating mga paaralan

Si Dr. Carl Cohn ay hinirang na Superintendente noong Oktubre 2005. Ang distrito ay pinangangasiwaan ng isang lupong may limang kaanib – bawa't isa ay hinahalal ng apat na taong paglilingkod:

Mitz Lee, District A:	matatapos sa 2008
Katherine Nakamura, District B (President):	matatapos sa 2010
John de Beck, District C (Vice President):	matatapos sa 2010
Luis Acle, District D:	matatapos sa 2008
Shelia Jackson, District E:	matatapos sa 2008

Saklaw ng distrito ang higit na 200 milyang parisukat, kabilang ang 221 paaralang gusali, nahahati sa limang kabahaginan. Bawa't bahagi ay binubuo ng 25 mababang paaralan at kalapit na gitnang paaralan na pinamamahalaan ng pangkalawakang tagapamahala. Ang 29 na mataas na paaralan ng distrito ay pinaglilingkuran ng katulong na tagapamahala.

Noong 1998, 78% ng mga manghahalal sa San Diego ay ibinoto ang Proposition MM, isang $1.51 bilyong kasunduang nagpopondo sa pagsasaayos ng 161 paaralan at pagpapatayo ng 12 bago at pinabagong paaralan. Noong 2005, ang pondong kasunduan ay nakatanggap ng Grand Golden Watchdog Award buhat sa San Diego County Taxpayers Association (SDCTA) – kaniyang pinakamataas na karangalang iginawad para sa mga programa ng lalawigan na naging halimbawa sa wastong paggamit ng pera sa buwis.

KABUUAN

- 135,053 mag-aaral (pre-K hanggang ika-12 baitang)
- Ikalawang pinakamalaking distrito ng California
- Ika-8 pinakamalaking bayang distrito ng Estados Unidos
- 9,274 lisensiyadong kawani
- 8,115 kawaning classified
- 15,112 katumbas na kabuuang oras
- 24,004 kabuuang kawani (kabilang ang mga orasan at gurong bumibisita)
- 221 kabuuang paaralang gusali
  - 118 mababang paaralan
  - 24 gitnang paaralan
  - 29 mataas na paaralan
  - 15 paaralang atypical
  - 35 paaralang charter
- Magkakaibang lahi (mag-aaral):
  - 44.4% Meksikano
  - 25.3% Amerikanong Puti
  - 13.5% Amerikanong Itim
  - 6.6% Pilipino
  - 5.2% Intsik
  - 3.5% Asiyano
  - .55% Katutubong Amerikano
- Kabuuang pangkabuhayan:
  - 29.5% nag-aaral ng English
  - 56.9% karapatdapat tumanggap ng libreo pinamurang pagkain
- 16,418 mag-aaral na tumatanggap ng paglilingkod sa Special Education
- Halos 10,000 mag-aaral buhat sa mga pamilyang nasa hukbong militar
- Higit na 22,500 mag-aaral ay kasali sa mga programang Gifted and Talented Education

Ang susi ng tagumpay ng distrito ay ang sariling pagsisikap na kasama ang mangangalakal, mga pinuno ng bayan at mga kusang tumutulong, gayundin ang kaniyang pakikitungo sa mga kolehiyo at unibersidad ng bayan. Halos 1,400 samahan ng mangangalakal at bayan ay sumasali bilang Kasamahan sa Edukasiyon. Noong 2006-07, ang mga kasamahan ay nagkaloob ng halos $5.6 milyon ng mga tao, pananalapi, at ng anumang bagay at paglilingkod. Ang distrito ay nakinabang din sa mga oras na ipinagkaloob ng mahigit na 26,000 taong kusang tumulong. Noong 2006-07, ang mga kusang tumulong ay nakapagbigay ng mahigit na 990,000 oras, na nagkakahalaga ng mahigit na $18 milyon (batay sa suweldong $18.77 bawa't oras buhat sa Independent Sector, Washington, D.C.).